MALAY 34(2) June 2022, pp. 29–40

# Ang Espasyo ng Espasyo sa Araling Pilipino Batay sa Debateng "North–South" sa Metro Manila /

# *The Space for Space in Philippine Studies Based on the "North–South" Debate in Metro Manila*

Michael D. Pante
Pamantasang Ateneo de Manila
mpante@ateneo.edu

Ano ba ang gitna ng Metro Manila? Taga-North o taga-South ka ba? Sa mga nakalipas na taon, isang hindi-mamatay-matay na debate sa social media ang pagsagot sa mga tila simpleng tanong na ito. Bagama't masasabing walang maayos na kalutasan ang balitaktakang ito, dalawang mahalagang punto ang mapupulot. Una, malinaw na mayrong mayabong at taal na diskursong pang-espasyo ang mga Pilipino para unawain ang kanilang posisyon—sa parehong literal at di-literal na kahulugan—sa lipunan. Ikalawa, at mas mahalaga, tila hindi nakasasabay ang akademikong diskurso sa bilis ng pagbabago sa aktuwal na danas ng mga tao sa iba't ibang nosyon ng lapit, layo, at lunan. Kakatwa ang ganitong makupad na pag-unlad kung iisipin na nabibilang ang tinaguriang debateng "North–South" sa mahabang listahan ng mga kolokyal na konseptuwalisasyong pang-espasyo, kahanay ng mga salitang "jeprox," "promdi," at "looban." Layon ng sanaysay na ito, sa tulong ng mga konsepto mula sa araling Timog-silangang Asya na nakatutok sa mga usaping urban, na matukoy ang mga butas ng kaalamang pang-espasyo sa araling Pilipino, ang limitasyon ng paggamit ng kolokyal na konseptuwalisasyon, at ang mga posibleng lunas sa mga nasabing kakulangan. Kritikal ang pagtugon sa suliraning ito lalo pa't pinaiigting ng pandemya ang matagal nang pangangailangan para sa isang mayabong na bokabularyong magagamit sa usapin ng espasyo.

**Mga Susing Salita:** Urbanisasyon; Lungsod; Manila; Timog-silangang Asya; Social Media

*What is the center of Metro Manila? Are you from the North or South? In recent years, answering these seemingly simple questions transformed into a never-ending debate in social media. Although there will probably be no concrete resolution to these discussions, two insights can be derived. First, it is clear that Filipinos have a rich and indigenous discourse on space to understand their position—literally and figuratively—in society. Second, and more important, it appears that academic discourse cannot keep pace with the rapid changes in how people actually experience notions of proximity, distance, and place. Such slow development is peculiar considering that this so-called North–South debate belongs to a long list of colloquial conceptualizations of space, along with the words "jeprox," "promdi," and "looban." This essay, with the aid of concepts from Southeast Asian studies that are focused on urban issues, seeks to identify the gaps in spatial knowledge in Philippine studies, the limitations of using colloquial conceptualizations, and the sources of possible remedies to address the said weaknesses. Addressing this problem is critical, especially now that the current pandemic attenuates the longstanding need for a robust vocabulary to talk about space.*

***Keywords:*** *Urbanization; City; Manila; Southeast Asia; Social Media*

Copyright © 2022 by De La Salle University

## Panimula

May espasyo ba para sa konsepto ng espasyo sa araling Pilipino?

Sa nakalipas lang na dekada, 2010–2020, lubhang marami ang pagbabagong naranasan ng kontemporanyong lipunang Pilipino sa kabila ng halos walang-usad na estrukturang sosyo-ekonomiko ng bansa na nagreresulta sa paglawak ng distansiya ng mga naghaharing-uri at ng mga pinaghaharian. Pinakalantad ito sa epekto ng social media, ang banta ng awtoritaryanismo, at ang pandemya. Bagama't malawak ang saklaw ng mga pagbabagong ito, tila laging napag-iiwanan ang usapin ng espasyo. Pinaiigting ng mga nabanggit na kontemporanyong realidad ang matagal nang pangangailangan para sa isang mayabong na bokabularyong magagamit sa usapin ng espasyo. Nakalulungkot na kapos pa rin sa mga kasangkapang teoretikal ng araling Pilipino para suriin ang mga bagong karanasan ng karaniwang tao sa iba't ibang nosyon ng lapit, layo, at lunan.

Lantad ang puntong ito sa isang simpleng halimbawa mula sa social media. Sa mga nakalipas na taon, naging matunog sa mga diskusyon sa *Facebook*, *Twitter*, at *YouTube* ang pagkakaiba ng pamumuhay at kultura sa hilaga (*north*) at katimugang (*south*) bahagi ng Kalakhang Maynila. Mayabong ang debate sapagkat walang opisyal na hangganan na naghihiwalay sa dalawang heograpikal na konsepto, kaya nakabatay ang mga depinisyong "North" at "South" sa mga kongkretong karanasan gaya ng trapiko at impraestruktura, sa halip na mga abstraktong linya sa mapa. Nagsanga-sanga ang takbo ng usapan na humantong sa mga tanong gaya ng: bakit ka dapat umibig sa isang taga-North/taga-South, at ano ba ang totoong gitna ng Metro Manila? Isang malaking balintuna na sa diskursong *online* napatampok ang nosyon ng kaibahan ng danas sa espasyo, gayong ibinabandila ng mga inobasyong teknolohikal gaya ng Internet ang pagbubuklod sa mga taong pinaglalayo ng pisikal na distansiya.

Mainam na busisiin sa paraang akademiko ang "debateng North–South" na nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan sa social media, subalit magdadalawang-isip din ang isang iskolar na magtatangka gamit ang lente ng araling Pilipino dahil sa mga butas sa bokabularyo. Isang halimbawa ang nosyon ng "*suburbs.*" Kritikal ang konseptong ito para sa malalim na pagsusuri ng kontemporanyong Kamaynilaan (hal. Garilao et al.), subalit walang salita sa Filipino ang maaaring pumasan sa bigat ng kahulugan nito. Bagama't naging hiyang sa mga Pilipinong iskolar ang paghiram sa salitang "urban" at paggamit nito sa mga akdang Filipino, hindi masasabing ganito rin ang lagay para sa salitang "*suburban*." O ang ideya ng "*built environment*" o "*metropolis*"? Mayroon bang maayos na salin o salitang-hiram para ipaliwanag ang mga ito sa parehong akademiko at pangkaraniwang diskurso? Paano isasalin sa Filipino ang pangungusap na, "*Manila is a city, while Metro Manila is a metropolis*"? May salita bang magagamit pantawag sa "pagka-kalakhan" ng Kalakhang Maynila? Walang katuturan ang pagsasabing "Kalakhan ang Kalakhang Maynila" o kahit ang "Metropolis ang Kalakhang Maynila."

Bagama't may mayabong na literatura tungkol sa espasyo ang araling Filipino, nakikita sa payak na halimbawa sa itaas na may kakapusan sa masikhay na teorisasyon tungkol dito na nakaangkla sa karanasang Pilipino. Samantala, madalas nakatali ang mga nalilimbag na akda sa mga dayuhang balangkas. Bunsod nito, layon ng sanaysay na ito na hindi lang basta kilalanin ang bernakular na konseptuwalisasyon ng espasyo sa debateng North–South, kundi ituring ito bilang paalala na may mga butas sa kaalamang pang-espasyo sa araling Pilipino at nararapat nang punan. Gamit ang araling Timog-silangang Asya at araling urban bilang mga lapit sa pagsusuri, susuriin ang literatura ng araling Pilipino para mapatampok ang mga kalakasan at kahinaan at matukoy ang mga posibleng lunas.

Nagmumula ang sanaysay na ito sa lente ng kritikal na heograpiya, na iginigiit na hindi sapat ang basta lang pagsasama ng pagsusuring heograpikal sa anumang porma ng pag-aaral, kundi ang pagkakaroon ng makabagong pananaw. Kasama sa pananaw na ito ang pagkilala sa espasyo hindi lang bilang "sisidlan" ng kilos ng mga tao, kundi bilang isang puwersang may epekto sa tao. Nailagay sa mapa ng diskursong akademiko ang kritikal na heograpiya ng mga iskolar gaya nina Henri Lefebvre (1991), David Harvey (1988), Doreen Massey (1999, 2005), at Edward Soja (1989). Bagama't mayroong mga pagkakaiba ang mga iskolar na ito, pinagbubuklod sila ng ilang pundamental na pagkakapareho. Isa rito ang kanilang kritisismo sa dikotomiyang espasyo at oras: na ang espasyo ang kumakatawan sa istatiko at oras naman ang sa dinamiko. Dahil sa makitid na dikotomiyang ito, mayroong pananaw na pagdating sa larangan ng

espasyo ay "*no true temporality and thus no possibility of politics*" (Massey 251). Isa pang pagkakapareho ng mga nabanggit na heograpong radikal ang kanilang pagkilala sa espasyo—nang hindi nahuhulog sa pagkahumaling dito bilang isang konseptong hiwalay sa nosyon ng oras—bilang isang mahalagang salik sa makauring pagsusuri at sa pag-unawa sa makauring tunggalian (Soja 43–75). Halimbawa, itinuturing ni Massey (10–12) ang espasyo bilang produkto ng mga gawi na nakapaloob sa isang lipunan, isang pagkilala na nangangailangan ng pag-iwas sa pagturing sa espasyo na may esensiyalistang pananaw at ng pagpapatampok sa pag-iral ng iba't ibang posibilidad at pluralidad ng mga naratibo, sabay-sabay na "*stories-so-far*." Maiuugat sa ganitong pluralidad ng mga naratibo na dulot ng espasyo, gaya ng ipakikita sa diskusyon sa ibaba, ang debateng North–South.

Sa ganitong pag-unawa, tila walang saysay ang nosyong "*sociospatial*" dahil hindi naman maaaring umiral ang lipunan nang wala sa isang espasyo, samantalang hungkag na konsepto ang espasyo kung walang lipunan. Gayunman, magagamit pa rin ang terminong ito para mapalitaw ang pagkiling ng maraming historyador (at maging ng mga iskolar sa iba pang agham panlipunan maliban sa heograpiya) sa elemento ng oras kumpara sa espasyo. Samakatwid, hindi sapat ang pagsasabi na may lenteng pang-espasyo ang isang akda palibhasa'y mayroon itong lugar na tinutukoy bilang lunan ng pagsusuri. Sa katunayan, maraming mga libro at sanaysay sa malawak na literatura ng araling Pilipino ang may ganitong tendensiya: ilarawan ang heograpikal na tagpo, at kalimutan na ang silbi nito sa pag-usad ng diskusyon. Marapat nang iwan ang ganitong paglaglag sa espasyo sa laylayan ng kamalayan.

Hindi layon ng sanaysay na ito na maghanap ng kalutasan sa debateng "North–South"—at kung tutuusin, hindi naman ito isang "suliranin" na kailangang hanapan ng lunas, kundi repleksiyon ng isang dinamikong lipunang nasa proseso ng pagbuo ng mga bagong pakahulugan ukol sa lugar na kanilang kinalalagyan. Bagkus, gagamitin ng sanaysay ang debateng ito bilang lunsaran ng mas malawak na pagsusuri hinggil sa naabot ng literatura ng araling Pilipino pagdating sa taal na konseptuwalisasyon ng espasyo, na siyang makikita sa susunod na bahagi. Dahil sa kalikasan ng debate, karamihan ng mga batis na ginamit ay mula sa social media at Internet. Matapos nito, tatalakayin ng kasunod na seksiyon, "Espasyong -Emic," ang iba pang kahalintulad na taal na nosyong pang-espasyo sa bansa at ang halaga nito sa araling Pilipino. Ilalahad naman sa bahaging "Lugar at Literatura" ang tila kontradiksiyon ng malalim na kolokyal na bokabularyong pang-espasyo at ng mababaw na pagtanggap nito sa mga akademikong pag-aaral. Sa parteng ito, bubusisiin ang iba't ibang akademikong pag-aaral ukol sa Pilipinas na sumubok maglatag ng mga abstraktong balangkas hinggil sa espasyo. Palalalimin ang kontradiksiyong nabanggit ng susunod na seksiyon, na titingin sa halaga at limitasyon ng katutubong perspektiba pagdating sa isang makabuluhang dalumat na panlunan. Panghuli, bibigyang laman ang kahulugan ng makabuluhang dalumat na panlunan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa epekto ng pandemyang COVID-19 sa mga usaping pang-espasyo.

## Ang Debateng North–South

Isang debate man kung saan nahahati ang Kalakhang Maynila sa pagitan ng hilaga at timog, hindi naman maitatanggi na klaro ang historikal na sentro nito: ang lungsod ng Manila. Bagama't may masiglang katutubong pamayanan na rito bago pa dumating ang mga mananakop na Kastila noong 1571, ang posisyon nito bilang sentro ng kapuluan ay naabot sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol at ipinagpatuloy ng mga sumunod na mananakop at maging ng nagsasariling Republika ng Pilipinas (Caoili 1999). Dahil sa natatanging posisyong ito, binansagan ang Manila bilang *primate city*, gaya ng iba pang malalaking lungsod sa Asya na lubhang dominante sa sarili nitong bansa sa halos lahat ng aspekto: politika, ekonomiya, kultura, at iba pa (McGee 1967; Doeppers 1972).

Bilang primate city, hindi kataka-taka na ito ang sentro ng pagkalat ng COVID-19 sa Pilipinas kahit na hindi rito naitala ang unang kaso sa bansa. Bagama't makatutulong ang nosyon ng primate city sa akademikong pagtatasa, hindi masasabing palasak ito sa pangkaraniwang talastasan. Mahalaga ang puntong ito sapagkat tulad ng anumang lipunan, ang mga residente ng lungsod ay nakabuo rin ng sari-sariling abstrakstong pag-unawa sa Manila—ang kabuuan nito o ang mga bahagi—bagama't walang "basbas" ng mga iskolar. At kung gaano kahaba ang kasaysayan ng lungsod, ganoon na rin marahil kalalim ang nabuong bokabularyo. Sa kasawiang palad, tila walang nag-iimbentaryo. Marahil, nararapat nang gawin ito agad,

simula sa debateng "North– South" sa kasalukuyang yugto ng pagkagupo sa pandemya at iba pang salot.

Hindi madaling matukoy kung kailan nagsimula ang diskusyon tungkol sa pagkakaiba ng "North" at "South" ng Kalakhang Maynila, subalit maiuugnay ito sa pag-usbong at paglawak ng impluwensiya ng social media sa nakalipas na dalawang dekada. Ilang beses itong naging trending sa *Twitter* (*Spot.ph*), at mayroon pa ngang mga gumawa ng bidyo para ilahad ang kanilang saloobin tungkol rito (RecCreate; Cordon). Pero dahil sa lalim at lakas ng mga talastasan sa social media, maging ang tradisyonal na midya ay naglaan ng espasyo para talakayin ang usaping ito (Madarang; Molina).

Maaaring simulan ang diskusyon sa mabilisang depinisyon. Ayon kay Siegfried Cagat (2019):

> *The North includes but not exactly set to the Cities of Caloocan, Malabon, Navotas, Valenzuela, and Quezon City; while the South encompasses but not exactly set to the Cities of Makati, Pasay, Taguig, Parañaque, Las Piñas, Muntinlupa, and the Municipality of Pateros.*

Bagama't madaling unawain ang depinisyong ito, hindi ito ang pakahalugan na ginagamit ng lahat ng sumasali sa debate. Pansinin na sa pamantayan ni Cagat, hindi kasali ang mga lungsod ng Mandaluyong at San Juan, mga lugar na itinuturing niyang bahagi ng "Central" bagama't para sa iba, bahagi pa rin ito ng North. Kahalintulad nito ang sitwasyon ng Pasig at Marikina, na ginawan ni Cagat ng kategoryang "East." Kapuna-puna rin na wala ang lungsod ng Manila, na nasa kategoryang "West." Depende sa kausap, maaaring magbago ang kategorya ng mga lungsod na ito na "naiipit" sa gitna, pero may sapat na nibel ng pagkakasundo sa pangkalahatang depinisyon ng North at South para magkahugis at umusad ang diskurso.

Hindi lang heograpikal na salik ang batayan ng dikotomiya. Ang pag-iral ng North at South ay may elementong morpolohikal batay sa pagkakaiba ng kanilang built environment at mga aspektong sosyo-politikal. Kapag binalikan ang kasaysayan ng Kamaynilaan, makikita na sa paglawak ng naabot ng urbanisasyon ng Manila matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, dalawang bagong sentro ang umusbong: ang Lungsod Quezon sa hilaga at Makati sa timog. Magkaibang-magkaiba ang proseso ng pag-unlad ng dalawa. Estado ang nasa likod ng pagpaplano sa Lungsod Quezon, na nakaangkla sa pagtatayo ng ng libo-libong abot-kayang pabahay na nakapaligid sa iba't ibang tanggapan ng pamahalaan at institusyong pansibiko at pang-edukasyon. Samantala, pribadong sektor, sa pangunguna ng angkang Zobel de Ayala na siyang panginoong maylupa ng sinaunang Hacienda de Macati, ang pangunahing puwersa sa paglago ng Makati, at dahil rito, pribatisado rin ang mga espasyo at impraestrakturang nakapaikot sa sentrong pangkomersiyong ipinundar ng naturang angkan (Pante 225–26). Ang kasalukuyang morpolohiya ng mga bayan sa paligid ng dalawang sentrong ito ang siyang nagbibigay-depinisyon sa pang-araw-araw na danas ng mga residente sa "magkabilang kampo." Kasama sa pang-araw-araw na karanasan ng mga taga-Muntinlupa at Las Piñas, halimbawa, ang pagdaan sa *tollways* at malalapad na *expressway* para makaikot sa iba't ibang bahagi ng kalunsuran. Dito rin sa South matatagpuan ang dalawang pinakamalaki at komersiyalisadong *central business districts*, ang Makati at Taguig. Samantala, sa bandang hilaga, dahil sa mas malawak na teritoryong nasasaklaw nito, mas prominente ang malalawak na espasyong pang-akademiko, tulad ng Unibersidad ng Pilipinas at Pamantasang Ateneo de Manila, at mga pampublikong proyektong pabahay noong dekada 1950 hanggang 1960 (Antonio). At dahil dito, malaking bahagi ng mga estruktura at impraestruktura na makikita sa hilagang Metro Manila ay sumusuporta sa mga nasabing gawain. Isang magandang pagbubuod ang isinulat ni Celera noong 2016:

> *There exists an imaginary line drawn across Mandaluyong and Pasig that divides Mega Manila into two distinct boundaries. The North has Ortigas, the bulk of Quezon City all the way up to Commonwealth; the South goes down to Makati, Taguig, Pasay and finally the two sides of the Alabang–Zapote road in Muntinlupa and Las Piñas. The differences manifest in everything from behavior to clothing to language—markers of culture that somehow form enough to make a difference worth noting. Notions like people in the collective South are more chill compared to the North, people in the South sound more conyo, South people have better parties and so on. Someone asks, "Are you from the North? The way you speak is very kanto but also conyo."*

Dahil sa pagkakaiba ng dalawang bahagi ng Kalakhang Maynila, naging masigla ang diskusyon sa pagkukumpara sa bentahe at disbentahe ng parehong panig. Para kay Cagat (2019), higit na abot-kaya ang mga bilihin sa Norte, pati na rin ang akses sa mga institusyong akademiko, serbisyong pantransportasyon, at nibel ng seguridad ng mga komunidad, pero mas malinis ang kapaligiran at mas maraming mapagpipiliang lugar para sa libangan at oportunidad sa trabaho sa Timog (Cordon). Katulad din ito ng mga pananaw ni Antonio (2014), bagama't idinagdag niya ang bentahe ng Timog pagdating sa isyu ng pagbaha. Ang kultura ng dalawa ay maaaring sumahin, gamit ang buod ni Cagat (2019):

> *North: The North life is very laid back. Since there aren't that many establishments, all you got to do is chill with your friends—even in each other's home is fine. The North values lasting memories more than the expensive life of vibing with each other.*
>
> *South: Since there are a lot of offices in the South, life is so fast-paced, and it feels like you should always run with them. To relieve stress from this fast-paced lifestyle, South people party hard in upscale places like Poblacion or BGC.*

Malawak ang implikasyon ng pagkakaiba ng dalawang kulturang ito, lalo na sa pananaw ng mga residente sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay sa lungsod. Pangunahin na rito ang perspektiba sa distansiya. Ayon sa isang artikulo mula sa *Spot.ph*, madalas ireklamo ng mga taga-South ang mga nasa kabilang panig na madalas ay hindi handa na magkomyut o magmaneho papunta sa mga lugar gaya ng Muntinlupa, Las Piñas, o kahit Parañaque. Nahahaluan din ng katatawanan ang debate. Isa sa mga madalas na biro na konektado sa isyung ito, mula sa punto-de-bista ng mga taga-South, ang pagtawag sa Fairview na "Far-View," pantukoy sa lokasyon ng lugar sa dulong hilaga ng Quezon City (*The Girl on TV*).

At dahil mayroong maituturing na norte at timog sa Kalakhang Maynila, kasama rin sa usapan ang pagtukoy sa mapa ng lokasyon ng "gitna" kung saan nagtatagpo ang dalawa (*Esquire Philippines*; Molina). Naging maalab ang talakayan tungkol dito sa maagang bahagi ng 2019. Para kay Celera (2016), isa itong linya na dumadaan sa Mandaluyong at Pasig. Naging malaking bahagi ng debate ng "gitna" ng Metro Manila ang isyu ng "pag-aadjust" pagdating sa mga lakad ng barkada o kahit ng magsing-irog. Umabot pa nga sa puntong naging islogan ang "Mas masarap magmahal ang mga taga-South," (*Spot.ph*) bilang pantukoy sa kanilang pagiging matiisin sa trapik at mahabang biyahe. Maging ang opisyal na tanggapan ng pamahalaan para sa pagmamapa, ang National Mapping and Resource Information Authority (NAMRIA), ay nakita ang pangangailangang maglabas ng *infographic* para "matapos" na ang debate hinggil sa tunay na gitna ng Kalakhang Maynila. Ayon sa NAMRIA, San Juan ang totoong "*geometric center*" (Molina).

## Espasyong -Emic

Mayroon pang ibang ahensiya ng pamahalaan ang sumali sa balitaktakang North–South bukod sa NAMRIA. Sa gitna ng mga diskusyon sa social media, naglabas ang Earth Shaker Philippines (2019) ng *Facebook* at *Twitter* post para ipakita ang mga opisyal na kategoryang heograpikal na ginagamit ng Philippine Statistics Authority (PSA). Sa kategorisasyong ito, hindi lang sa North at South nahahati ang Kalakhang Maynila. Binubuo ito ng apat na bahagi: Northern (Caloocan, Malabon, Navotas, at Valenzuela); Eastern (Quezon City, San Juan, Mandaluyong, Marikina, at Pasig); Southern (Pasay, Makati, Taguig, Pateros, Parañaque, Las Piñas, at Muntinlupa); at Capital (Manila).

Kung pagbabatayan ang mga inilabas na datos ng PSA at NAMRIA, tila walang saysay ang mga debate hinggil sa kung ano ang tumpak na depinisyon ng North at South sapagkat mayroon namang dokumentado at opisyal na pamantayang ginagamit ang pamahalaan. Subalit sa halip na matapos ang debate, tinawanan pa ng maraming tao sa social media ang mga opisyal na kategorya, at nalantad halimbawa na kakaunti lang sa mga taga-Metro Manila ang malay sa mga depinisyon ng PSA (Madarang). Kawangis nito ang tunggalian sa depinisyon ng "Manila" sa mga huling dekada ng ika-19 na siglo, kung kailan nakatanim na sa popular na kamalayan ang isang mas malawak na kahulugan ng Manila na lumalampas sa mga pader ng Intramuros, samantalang hindi pa rin makausad ang gobyernong kolonyal ng Espanya mula sa opisyal subalit napaglumaang depinisyon ng kabisera (Huetz de Lemps). Ipinakikita lamang nito na higit na

produktibong suriin ang debateng North–South gamit, hindi ang mga opisyal na depinisyong heograpikal ng estado, kundi ang pagpapakahulugan sa espasyo ng mga mismong taong dumadanas nito. Perspektibang emic, sa halip na etic, ang dapat patampukin.

Dahil nagmumula sa artikulasyong kolokyal ang debateng North–South, maituturing ang mga konseptong nakapaloob rito bilang mga balangkas na emic. May mahaba nang tradisyon ng lokal na konseptuwalisasyon ng iba't ibang aspekto ng espasyo sa Pilipinas, kahit pa man bago ang panahon ng kolonyalismo (Mojares). Nakalulungkot lang na ang mga higit na kontemporanyong konsepto ay hindi nabibigyan ng hustong pansin sa araling Pilipino. Isa sa mga halimbawa nito ang konseptong jeprox (o jeproks) na naging popular noong dekada 60 at 70, subalit unti-unti nang nawawala sa kolektibong kamalayan sa kasalukuyan.

Nagmumula ang salitang *jeprox* sa pagbabaliktad ng salitang "*projects*," na tumutukoy sa mga proyektong pabahay ng pamahalaan sa mga dekada pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Malinaw na kolokyal na artikulasyon ng espasyo ang salitang *jeprox* dahil tangan nito hindi lang ang heograpikal na lokasyon ng mga pabahay (hal. Project 1, 2, 3, at iba pa) kundi ang isang malalim na sosyolohikal na kahulugan (Alcazaren 109). Ayon sa isang mamamahayag, tinutukoy ng salita ang isang partikular na grupo ng gitnang-uri, ang "*drug-addled*, *post-hippie*, *martial law-era generation*" (Caruncho 130). At dahil artikulasyong popular ito, i.e., emic, mahirap ikahon ang salita sapagkat maaari itong magkaroon ng samotsaring kahulugan: "*anything from hippie to mod to reb to flamboyant*," ani Nick Joaquin (Quijano de Manila 21). Tuluyang naitatak sa kolektibong kamalayan ng madla ang salita nang inilabas ni Mike Hanopol noong 1976 ang awiting "Laki sa Layaw" na tungkol sa isang jeprox na makasarili at lulong sa konsumerismo.

Kritikal ang salitang *jeprox* hindi lang para sa pag-unawa ng mga kolokyal na pakahulugan ng espasyo sa Pilipinas, kundi para rin maihambing ang karanasang lokal sa mga kahalintulad na konseptuwalisasyon sa ibang bansa. Kapuna-puna na bagama't parehong tumutukoy sa proyektong pabahay ng estado, malayong-malayo ang kahulugan ng jeprox sa konotasyon ng salitang "projects" sa Estados Unidos. Sa lipunang Amerikano, may kaakibat na imahen ng kahirapan at *ghettoization* ang salitang *projects* (Jackson 219–30), na madalas ding naiuugnay sa kulturang African-American. At kung pagiging laki sa layaw ang imaheng hatid ng kantang *rock and roll* ni Hanopol, madalas namang lumalabas sa mga kantang *hip-hop* at *gangsta rap* ang metapora ng projects bilang espasyo ng paghihikahos, karahasan, at kawalan ng pag-asa. Sa simpleng paghahambing na ito, malinaw na hindi maaari ang padalos-dalos na paggamit ng mga dayuhang balangkas at matindi ang pangangailangan para sa masusing konseptuwalisasyon na nagmumula sa aktuwal na danas.

Hindi masama ang paggamit ng mga konsepto mula sa Kanluran, basta't matibay ang batayan. Hindi ba't nagsimula ang sanaysay na ito bitbit ang mga kataga mula sa mga kritikal na heograpo, na pawang nagmumula sa tradisyong ito? Dagdag pa rito, kritikal ang mga konsepto mula sa tradisyong ito, lalo na para patampukin ang heograpikal na saklaw ng imperyalismo at ang epekto nito sa lokalidad na matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Halimbawa nito ang konseptong "*hill station*" na naipakita nina Robert Reed (*City of Pines*) at Rebecca McKenna (2019) bilang kapaki-panakibang sa pag-unawa sa Baguio kahanay ang iba pang katulad na lungsod sa mga bulubunduking bahagi ng Asya. Sa mga akda nila, nalantad ang mga hungkag na haka-haka ng mga mananakop pagdating sa kalusugan at kalikasan. Isa pang halimbawa ang nosyong panoptikon ni Michel Foucault, na ginamit ni Gerard Lico (2008) upang ilantad ang dinamiko ng dominasyon sa morpolohiya ng mga lungsod noong panahon ng kolonyalismong Amerikano. Sa mga nailistang halimbawa, nagamit ang mga Kanluraning balangkas para baklasin ang maka-Kanlurang hegemoniya.

Sa kabila ng katotohanang ito, bakit kailangang mauna ang pag-aangkop ng mga Kanluraning balangkas kung mayroon namang mga konseptuwalisasyon mula sa mga lipunang higit na malapit ang karanasan sa atin, gaya ng Timog-silangang Asya? Hitik ang literatura ng rehiyon sa mga ideyang tungkol sa espasyo; kung mayroon tayong suliranin sa bokabularyo, mainam lamang na bigyang pansin ang akda ng mga lipunang higit na malapit sa ating literal na lugar sa daigdig.

## Lugar at Literatura

Mula pa noong dekada 1960, marami nang mga iskolar ang nagtangka na bumuo ng mga teoretikal na balangkas para unawain ang mga lungsod ng Timog-

silangang Asya. Nagsimula ito sa mga prominenteng heograpo gaya nina T. G. McGee at Norton Ginsburg. Nakilala si McGee (*The Southeast Asian City*) dahil sa konseptuwalisasyon niyang "Southeast Asian city." Noong dekada 1970 naman, inilahad nina McGee at Ginsburg (1955) ang konseptong "desakota" upang higit na maunawaan ang malalawak na lungsod kung saan tila sabay umiiral ang urban at rural. Binigyang depinisyon ni McGee (7) ang desakota bilang "*regions of an intense mixture of agricultural and nonagricultural activities that often stretch along corridors between large city cores.*" Mahalaga ang konseptong ito dahil kinukuwestiyon nito ang madalas na pag-unawa sa proseso sa urbanisasyon na pinatitindi ang pagkakaiba ng urban at rural, isang nosyong nagmumula sa tradisyong Kanluran (McGee 4–5). Sa kaso ng Malaysia, iginiit ni McGee (35) na kailangan ng mga bagong balangkas upang masuri ang ganitong realidad, na ginawang mas komplikado ng internal na migrasyon mula sa probinsiya patungo sa mga siyudad. Mayroon pa ngang ibang iskolar na naniniwalang hindi naman aplikable sa Asya ang dikotomiyang urban–rural na nakita sa Kanluran: "*there was very much less of an urban–rural split or conflict in Asia*"; na ang mga siyudad at pamayanan ("*rural*" *villages*) ay "*were not necessarily seen as antithetical, or even as separate parts of a dichotomy*" (Murphey 253; McGee 22–31).

Sa araling Pilipino, noon at ngayon, litaw ang impluwensiya ng mga naiambag ng mga heograpo ng dekada 70 at 60 sa teorisasyon ng espasyong urban sa Timog-silangang Asya. Kasabayan nina McGee at Ginsburg, inilapat ni Reed (549–53) ang konseptong Southeast Asian City upang unawain ang morpolohiya ng kolonyal na Manila kumpara sa mga kaparehong lungsod sa rehiyon. Sa mas kontemporanyong panahon, nariyan ang paggamit ni Andre Ortega (26–27) sa nosyon ng desakota para suriin ang heograpikal na lawak ng naaabot ng Kalakhang Maynila.

Hindi matatawaran ang ambag nina Reed at Ortega sa pagpapaunlad sa kaalaman natin sa mga isyung urban sa Pilipinas, subalit mainam banggitin na pinupuna din ang mga nabanggit na teorisasyon dahil bagama't mayroong pagkuwestiyon sa pamantayang Kanluranin, hindi pa rin tuluyang nakakawala mula sa impluwensiyang ito dahil ang mga mismong iskolar na nagtataguyod ay mula sa Kanluran at/o nahubog sa mga institusyong naroon. Dahil dito, mayroon ding kasabayang galaw sa araling Timog-silangang Asya na nais magpatampok sa punto-de-bista ng mga mismong taga-Timog-silangang Asya. Maihahanay sa ganitong post-kolonyal na tradisyon ang akademikong talastasan hinggil sa konsepto ng kampung (o kampong), partikular ang transpormasyon nito sa kontekstong urban sa Indonesia, Malaysia, at Singapore, gaya nina Loh Kah Seng (2013) at Abidin Kusno (2020). Taal na artikulasyon ang kampung na ginagamit sa pang-araw-araw kahit pa ng mga grupong hindi gumagamit ng wikang Malay, kung saan nagmula ang salita. Sa kabilang banda, bagama't galing din sa wikang Malay ang mga salitang *desa* ("nayon") at *kota* ("lungsod"), artipisyal na pinagsama ni McGee ang dalawa upang mabuo ang "desakota." Limitado ang gamit nito sa literaturang akademiko, etic sa halip na emic.

Nagkaroon ng impluwensiya sa araling Pilipino ang tradisyong ito sa araling Timog-silangang Asya. Isa sa mga pangunahing halimbawa ng ganitong pagpapatampok ng mga katutubong balangkas ang ideya ng "loob" na pinalalim ng maraming prominenteng iskolar at akda sa iba't ibang disiplina simula dekada 60 pa lang. Sa kasawiang palad, pinagtuunan ng pansin ang ugnayang interpersonal at intrapersonal sa kahulugan ng "loob" at hindi nabigyang-diin ang pang-espasyong aspekto nito. Naging limitado sa mga akda nina F. Landa Jocano (2002) at Richard Stone (1973) ang pagpapaunlad sa pang-espasyong nosyon ng "loob," lalo na sa artikulasyon ng salitang "looban" sa mga maralitang komunidad sa lungsod. Mayabong ang literatura ng araling Pilipino sa halaga ng arkitektura sa kasaysayan at lipunan, subalit kapos ang pag-unawa sa nosyon ng loob at labas, na konektado sa marami pang mahahalagang konsepto gaya ng pamilya, pribadong pag-aari, o kahit ang nosyon ng looban na palasak sa mga komunidad ng mga maralitang taga-lungsod.

## Halaga at Limitasyon ng Perspektibong Lokal

Mayaman ang araling Pilipino sa literaturang tungkol sa espasyo, subalit naghihirap pagdating sa mga teoretikal na balangkas para magkaroon ng malalim na pag-unawa sa iba't ibang paksa ng pananaliksik. Natukoy na nga sa itaas ang kawalan ng lokal na pag-unawa sa ideya ng metropolis at suburbs. Bagama't may punto ang pagsasaad ni Ortega (24–30) na kailangan ng bagong teorisasyon sa ideya ng suburbs sa Pilipinas, dahilan para bumaling siya sa desakota bilang balangkas, baka mayroon pang ibang paraan para tingnan ang suliraning ito? Halimbawa,

bakit hindi natin tingnan ang umiiral na literatura, lalo na yaong mga tumitingin sa perspektibong emic, para tugunan ang kakulangang ito? Maaaring makakuha ng inspirasyon sa isang tila nakalimutan nang sanaysay ng Pambansang Alagad ng Sining na si Resil Mojares. Sa artikulo niyang "Dakbayan," inilahad niya ang kahulugan ng salitang Cebuano na nasa mismong pamagat:

> *Unlike traditional community, the city is not a unitary, self-contained system. It is a real aggregate, a collection of institutions that are not always congruent, of elements closely juxtaposed but not necessarily structurally interdependent. The ad hoc, accumulative form of the city is suggested by the Cebuano word for "city," dakbayan ("big town," dakung bayan), which suggests a simple expansion in scale rather than a change in quality.* (178)

Bakit hindi gamitin ang "dakbayan" mula sa wikang Cebuano bilang pantukoy sa ideyang metropolitan sa Manila at iba pang espasyong "mega-urban" sa bansa? Kung magiging totoo tayo sa proyekto ng wikang Filipino bilang isang wikang pinagyayaman ng iba't ibang wika sa Pilipinas at hindi lang Tagalog, at bilang isang wikang ginagamit sa pang-araw-araw ng mga Pilipino sa nibel na parehong impormal at siyentipiko, nakapanlulumo na hindi pa pumapasok sa popular na kamalayan sa Kamaynilaan ang salitang ito. Hindi lang dakbayan, kundi maging iba pang salita, marami rito ay naidokumento ni Mojares:

> *In thinking about what the city must be or should be, there is a word that can guide us: katilingban, the Cebuano word for "community." It evokes the notion not just of what is "put together" but that which is "filled" and constituted as a coherent and satisfying whole. Such wholeness is not imposed from the outside but built from within.* (184)

Sa kasawiang palad, tila wala nang mga iskolar na sumubok sundan ang yapak ni Mojares para sa isang mapanuring imbentaryo ng mga konseptong pang-espasyo sa wikang katutubo. Mayroong mga iskolar na nagtangkang sisirin ang abstraktong nosyon ng espasyo mula sa pananaw ng ordinaryong Pilipino—gaya ng mga akda nina Jocano, Stone, Paulo Alcazaren et al., Edson Cabalfin, Emilio U. Ozaeta, at Kelley O'Brien—pero ang mga publikasyong ito ay nakatuon sa pagpalalalim imbis na pagpapalawak ng isang komprehensibong suri. Sa halip, naging mas popular sa mga akademiko ang paglalapat ng mga dayuhang balangkas, lalo na ang mga mula sa Kanluran, para suriin ang katutubong karanasan. Ganito halimbawa ang makikita sa pagdalumat ni Cabalfin (6–9) sa nosyon ng "mala-baklang espasyo" kontra sa "espasyong bakla" na halaw mula sa balangkas ng mga iskolar gaya nina Michel Foucault at Beatriz Colomina at inilapat sa kontekstong Pilipino. Kumpara sa likas na pagyabong ng diskursong kolokyal, malalaki ang butas sa ating bokabularyong akademiko, hindi lang para tugunan ang kahingian ng araling urban, kundi para sa mga isyung pang-espasyo sa pangkalahatan.

Hindi ito usapin ng paghahanap ng katutubong salita, kundi masusing paggalugad sa iba't ibang larangan ng lipunan para makahanap ng mga angkop na konseptong mayroong (o posibleng magkaroon ng) saysay para sa nakararami at hindi lang para sa mga iskolar. Kung kailangang humiram ng mga terminolohiya mula sa mga wikang banyaga, bakit hindi? Sapat nang patunay ang mga katagang *población* (Yamaguchi), *plaza* (Hart), at *village* (Garrido), at marami pang iba, na posibleng magkaroon ng maka-Pilipinong pag-unawa sa mga konseptong nagmula sa labas ng bansa na lubusang nagagamit sa akademya at kalsada.

Gayunman, hindi rin dapat pikit-matang tanggapin ang anumang katutubo o bernakular na artikulasyon ng espasyo dahil sa mga limitasyong likas na kaakibat nito. Una ang panganib ng paglaganap ng mga nakakabit na istiryotipo at esensiyalismo. Sa katunayan, mayroon nang mga popular na istiryotipo pagdating sa mga taga-North at mga taga-South. Maaaring ipagwalang-bahala ang mga ganitong karakterisasyon bilang inosenteng biro—gaya ng mapapanood sa isang pares ng bidyo na ginawa ng *Cosmopolitan Philippines*—subalit hindi ito masasabi sa iba pang kolokyal na konseptuwalisasyong nakatali sa espasyo, gaya ng *promdi*, na halaw sa "*from the provinces*." Kasabayan ng kasikatan ng katagang *jeprox*, malinaw na mapangmata ang *promdi* na ginagamit ng mga taga-Metro Manila upang maliitin ang mga galing sa mga probinsiya bilang mga atrasadong mamamayan (Rafael 171). Ganito rin ang nibel ng regresibong pananaw sa popular na gamit sa salitang *iskwater* (Garrido). Mabuti na nga lang at dumarami ang mga masusing pag-aaral na nagtatanghal sa malaking ambag ng maralitang tagalungsod sa buhay

ng siyudad pati na rin ang progresibong politikang kaya nilang isulong (Arcilla).

Limitasyon din ang nakakubling makauring politika. Kung hindi magiging kritikal, maaaring hindi mapuna ang gitnang uring katangian ng marami sa mga kolokyal na konseptuwalisasyon ng espasyo, kasama na rito ang debateng North–South. Alalahanin na marami sa mga elementong kasali sa diskursong ito, gaya ng bigat ng trapiko at akses sa mga pamantasan at lugar ng libangan, ay angkop para sa mga may-kayang indibidwal. Pansinin din na walang malayang akses ang masa para makibahagi sa talastasan dahil social media ang pangunahing lunan ng artikulasyon at sa moda ng pananalitang limitado sa mga taong nakikinabang sa pormal na sistema ng edukasyon—kaduda-dudang mayroong mga nagsasalin ng kategoryang "North" at "South" para maging "Norte" at "Timog." Dahil sa mga limitasyong nabanggit, kritikal ang pagkakaroon ng akademikong pag-unawa upang ilantad at punahin ang makauring pagkiling ng marami sa ating mga kolokyal na konseptong pang-espasyo.

## Paghahanap ng Lunas sa Gitna ng Pandemya

Subalit paano magkakaroon ng masiglang akademikong diskurso kung ang mismong mga institusyong akademiko ay hindi naglalaan ng espasyo para sa pagtalakay sa espasyo? Pangunahin na rito ang kakulangan sa suportang institusyonal. Nakalulungkot na iisa lang ang akademikong institusyon na mayroong kagawaran para sa disiplina ng heograpiya: ang Unibersidad ng Pilipinas–Diliman na mayroong Kagawaran ng Heograpiya na nasa Kolehiyo ng Pilosopiya at Agham Panlipunan. Gayundin, sa UP–Diliman lang mayroong institusyong nakatutok sa pagpaplanong urban, ang School of Urban and Regional Planning.

At hindi rin simpleng solusyon ang pagpaparami sa mga institusyon, publikasyon, at iskolar na tutugon sa hamon. Para maiwasan ang tendensiya ng esensiyalismo at gitnang uring pagkiling, dapat ding siyasatin ang pamamaraan ng pagsusuri sa diskursong pang-espasyo. Maaaring balikan, halimbawa, ang tradisyon ng kritikal na heograpiya. O di kaya'y para sa mga balangkas na mula mismo sa araling Pilipino, maaaring magsimula sa nosyon ng espasyo bilang "tereyn ng tunggalian," halaw mula sa pagsusuri ni Tolentino (25) sa kultura at diskursong pang-espasyo ng *malling*. Hindi sapat na maipakita ang gitnang uring pagkiling ng anumang konseptuwalisasyon; nararapat ding isiwalat kung aling mga uri sa lipunan ang napagsasamantalahan dulot ng sinusuring realidad.

Sa kaso ng debateng North–South, masisilip ang nakakubling politika sa salimuot ng urbanisasyon na siyang ugat ng diskurso. Naipakita sa pagsusuri ni Mong Palatino (2017) na nakaangkla ang paglawak ng naaabot ng Kalakhang Maynila sa isang estrukturang ekonomiko na nagpapanatili sa atrasadong sitwasyon ng bansa habang napupunta sa maliit na bilang ng mga dambuhalang korporasyon ang kalakhan ng tubo. Kaya naman, hindi aksidente na sa tuwing nagiging prominente sa social media ang debateng North–South, sumasakay rin ang mga social media account ng mga dambuhalang mall at *property developers* upang itanghal ang kani-kanilang sarili bilang "tunay" na sentro ng Kalakhang Maynila (*Esquire Philippines*; *SM Supermalls.com*). Nakikinabang ang mga korporasyon sa *purchasing power* ng nagbabalitaktakang gitnang uri, at nagiging posible ito dahil nakatali ang ganitong konsumerismo sa trabahong endo at kakarampot na sahod ng uring manggagawa na etsa-puwera sa debateng online.

Samakatwid, ang panawagan ng sanaysay na ito para sa pagpapatampok sa espasyo sa araling Pilipino ay isa ring hamon sa mga iskolar na manindigan sa kanilang posisyon sa lipunan. Hindi katanggap-tanggap na maging kontento ang isang akademiko sa mga abstraksiyon—animo'y lumulutang na tagapagmasid na hindi nakaapak sa lupa—sa harap ng mga aktuwal na pananamantala. May pananagutan ang iskolar na palawakin ang naabot ng mga taong naiisasantabi sa diskurso dahil para sa kanila ang espasyo ay hindi lang isang abstraktong nosyon para sa akademikong pag-aaral o lugar na maaaring maipagbili para sa tamang halaga, kundi lunan ng kabuhayan at mismong buhay.

Nabanggit sa itaas na may dalang panganib ang pagsandig sa kolokyal na pag-unawa sa espasyo dahil maaaring gitnang uring pagkiling lang ang mapatampok. Kung ito ang problema, isang posibleng lunas ang pagpunta mismo sa mga espasyo na naroon ang masa. Sa katunayan, mayroon nang mga mananaliksik na ginagamit ang metodolohiya ng *counter-mapping* para makuha ang pagtingin ng isang marhinalisadong komunidad sa espasyong nanganganib na tuluyang lamunin ng pinagsanib na puwersa ng kapital at estado. Tampok sa mga akda nina Ortega et al (2018) at Noreen Sapalo (n.d.), bilang halimbawa, ang kaso ng mga pesante ng Hacienda Yulo

sa Canlubang, Laguna, at mga Aeta sa Capas, Tarlac, na masasagasaan ng iba't ibang porma ng "kaunlaran"—ginigipit, pinalalayas, at tinatanggalan ng espasyo.

Kung gayon, ang tila inosenteng debateng "North–South" ay maaaring magkaroon ng progresibong politika kung babaliktarin ang mapa, 'ika nga. At mahalagang ihayag ang ganitong progresibismo sa panahon ng pandemya. Pinatindi ng pandemyang COVID-19 ang pangangailangan para sa mas malawak na bokabularyong pang-espasyo dahil kritikal sa pagpigil sa pagkalat ng sakit ang masinsing pagmamatyag sa distansiya ng tao sa isa't isa, ng mga komunidad sa isa't isa. Huhulmahin ang dekadang 2020 ng mga pariralang *social distancing*, *isolation*, *community quarantine*, *NRC-Plus bubble*, at marami pang iba. Ngayon pa lang, ramdam na ang agwat ng mga uri dahil sa magkakaibang danas ng mga Pilipino sa mga konseptong ito. Halimbawa, imposibleng masunod ang mga pamantayang pangkalusugan pagdating sa looban ng mga maralitang komunidad sa kalunsuran, na malabo ang pagitan ng pribadong espasyo ng tahanan at mga pampublikong lugar na daanan ng mga residente. Paano gagawin ang social distancing sa looban ng mga maralitang komunidad sa lungsod? Mayroon bang sapat na teoretikal na balangkas na aalalay sa heograpikal na pagsusuri sa mga ganitong konsepto?

Masasagot ang mga tanong na ito nang may malalim na pag-unawa sa espasyo kung magiging mulat ang mga iskolar sa "tereyn ng tunggalian" na nakapaloob sa mga binanggit na terminolohiya. Hindi sapat na basta ulitin ang depinisyon ng estado at mga korposasyon sa mga katagang ginagamit natin para ilarawan ang mga lunan at distansiya na gumagabay sa ating pang-araw-araw na buhay. Panahon na para ilagay sa sentro ang konseptuwalisasyong nagmumula sa karaniwang mamamayan, lalo na yaong mga nasa laylayan, habang hindi binibitiwan ang akademikong responsabilidad para sa pagwawaksi ng mga makaisang-panig na moda ng pag-iisip. Dahil sa dulo ng lahat, hindi magkahiwalay na espasyo ang diskursong akademiko at politika ng pakikisangkot.

## Sanggunian


Alcazaren, Paulo. "Jeproks: My Life in the Projects." *The Manila We Know*, inedit ni Erlinda Enriquez Panlilio. Anvil, 2017.

Alcazaren Paulo, Luis Ferrer, and Benvenuto Icamina. *Lungsod Iskwater: The Evolution of Informality as A Dominant Pattern in Philippine Cities*. Anvil, 2011.

Antonio, Zipporah. "Settling the Metro Manila Debate: North or South?" *Zipmatch*, 20 Nobyembre 2014, https://www.zipmatch.com/blog/metro-manila-north-south-comparison/.

Arcilla, Chester Antonino C. "Neoliberalizing Subaltern Political Socialities: Community Barricade and the Diverse Grassroots Struggles for Adequate Housing in the Sitio San Roque Slum." *Ethnographies of Development and Globalization in the Philippines: Emergent Socialities and the Governing of Precarity*, ed. Koki Seki. Routledge, 2020.

Cabalfin, Edson Roy G. "'Mala-baklang Espasyo' sa Arkitekturang Filipino: Estetika, Morpolohiya, Konteksto (Panimulang Pagtuklas at Paggalugad)." *Muhon: A Journal of Philippine Architecture, Landscape Architecture, and the Designed Environment* 1, 2000, mp. 1–24.

---. "Pagbalangkas-Paghulma ng Tanong: Usaping Nasyonalismo, Pagkakakilanlan at Post-colonial na Paglinang sa Arkitekturang Filipino." *Muhon: A Journal of Philippine Architecture, Landscape Architecture, and the Designed Environment* 2, 2005, mp. 75–85.

Cagat, Siegfried Lemuel L. "North vs. South Metro Manila: Who Will Take the Cake?" *Muni Talks*, Setyembre 2019, https://munitalks.ph/north-vs-south-metro-manila-who-will-take-the-cake/#.YECvNWgzbIU.

Caoili, Manuel. *The Origins of Metropolitan Manila: A Political and Social Analysis*. University of the Philippines Press, 1999.

Caruncho, Eric S. *Punks, Poets, Poseurs: Reportage on Pinoy Rock & Roll*. Anvil, 1996.

Celera, Lex. "Should We Define Who We Are Based on Where We Live?" *Scout*, 2016, https://www.scoutmag.ph/culture/we-the-north-we-the-south-lex-20160921.

Cordon, Jerico. "What It's Like Living in the South of Metro Manila." *YouTube*, 13 Agosto 2020, https://www.youtube.com/watch?v=fJ8YMTUf_yo.

*Cosmopolitan Philippines*. "North Girls Ask South Girls the Funniest Things." *YouTube*, 14 Abril 2016, https://www.youtube.com/watch?v=JdSQPIE0DWI.

---. "South Girls Ask North Girls the Funniest Things." *YouTube*, 14 Abril 2016, https://www.youtube.com/watch?v=4ghSwOAFiNQ.

Doeppers, Daniel F. "The Development of Philippine Cities Before 1900." *The Journal of Asian Studies* 31(4), 1972, mp. 769–92.

Earth Shaker. "Taga-North? South? The Official Administrative Districts in Metro Manila." *Facebook*, 6 Setyembre 2019, https://www.facebook.com/earthshakerph/posts/taga-north-south-the-official-administrative-districts-in-metro-manila-since-the/2388814271172696/.

*Esquire Philippines*. "Ortigas is the True Midpoint of Metro Manila and Here's Why." *Esquire*, 20 Pebrero 2019, https://www.esquiremag.ph/life/travel/metro-manila-midpoint-a00203-20190220-lfrm.

Garilao, Ernesto, Gabriel Alvarez, and Mary R. Hollnsteiner, et al. "The New Suburbanite: Profile of a Low-cost Housing Community." *Philippine Sociological Review* 17(1), 1969, mp. 27–33.

Garrido, Marco S. *The Patchwork City: Class, Space, and Politics in Metro Manila*. University of Chicago Press, 2019.

Ginsburg, Norton S. "The Great City in Southeast Asia." *American Journal of Sociology* 60(5), 1955, mp. 455–462.

*The Girl on TV*. "North vs. South: Which Neighborhood is Better?" w.p., http://thegirlontv.com/north-vs-south-which-neighborhood-is-better/.

Hart, Donn Vordis. *The Philippine Plaza Complex: A Focal Point in Cultural Change*. Yale University, 1955.

Harvey, David. *Social Justice and the City*. Basil Blackwell, 1988.

Huetz de Lemps, Xavier. "Shifts in Meaning of 'Manila' in the Nineteenth Century." *Old Ties and New Solidarities: Studies on Philippine Communities*, inedit nina Charles Macdonald at Guillermo Pesigan. Ateneo de Manila University Press, 2000.

Jackson, Kenneth T. *Crabgrass Frontier: The Suburbanization of the United States*. Oxford University Press, 1985.

Jocano, F. Landa. *Slum as a Way of Life: A Study of Coping Behavior in An Urban Environment*, rev. ed. Punlad, 2002.

Kusno, Abidin. "Middling Urbanism: The Megacity and the Kampung." *Urban Geography* 41, 2020, mp. 954–70.

Lefebvre, Henri. *The Production of Space*. Blackwell, 1991.

Lico, Gerard. *Arkitekturang Filipino: A History of Architecture and Urbanism in the Philippines*. University of the Philippines Press, 2008.

Loh Kah Seng. *Squatters Into Citizens: The 1961 Bukit Ho Swee Fire and the Making of Modern Singapore*. NUS Press, 2013.

Madarang, Catalina Ricci S. "True North: Metro Manila's Official Divisions, According to Experts." *Interaksyon*, 10 Setyembre 2019, https://interaksyon.philstar.com/trends-spotlights/2019/09/10/154620/north-south-metro-manila-official-divisions-districts/.

Massey, Doreen. *For Space*. Sage, 2005.

---. *Space, Place, and Gender*. University of Minnesota Press, 1994.

McGee, T. G. "The Emergence of Desakota Regions in Asia: Expanding a Hypothesis." *The Extended Metropolis: Settlement Transition in Asia*, inedit nina Norton Ginsburg, Bruce Koppel, at T. G. McGee. University of Hawai'i Press, 1991.

---. *The Southeast Asian City: A Social Geography of the Primate Cities of Southeast Asia*. Bell, 1967.

---. *The Urbanization Process in the Third World: Explorations in Search of a Theory*. G. Bell and Sons, 1971.

McKenna, Rebecca Tinio. *American Imperial Pastoral: The Architecture of US Colonialism in the Philippines*. Ateneo de Manila University Press, 2019.

Mojares, Resil B. "'Dakbayan': A Cultural History of Space in a Visayan City." *Philippine Quarterly of Culture and Society* 40(3–4), 2012, mp. 170–86.

Molina, Carlo Jacob. "Case Closed: San Juan City is Metro Manila's Geometric Center, Says Namria." *Inquirer.net*, 5 Marso 2019, https://technology.inquirer.net/83941/case-closed-san-juan-city-is-metro-manilas-geometric-center-says-namria.

Murphey, Rhoads. "City and Countryside as Ideological Issues: India and China," *Comparative Studies in Society and History* 14 (3), 1972, mp. 250–67.

O'Brien, Kelley. "Kinetic Architecture: The Experiential Connections Between Human Consciousness and Informal Settlements." *Espasyo: Journal of Architecture and Allied Arts in the Philippines* 6, 2015, mp. 40–63.

Ortega, Arnisson Andre C. *Neoliberalizing Spaces in the Philippines: Suburbanization, Transnational Migration, and Dispossession*. Ateneo de Manila University Press, 2018.

Ortega, Arnisson Andre C., Ma. Simeona M. Martinez, Cian Dayrit, at Kristian Karlo C. Saguin. "Counter-mapping for Resistance and Solidarity in the Philippines Between Art, Pedagogy and Community." *This is Not an Atlas: A Global Collection of Counter-cartographies*, inedit ng Kollektiv Orangotango+, transcript-Verlag, 2018, https://www.degruyter.com/document/doi/10.14361/9783839445198/html.

Ozaeta, Emilio U. "The Filipino Spirit in the Making of Space: An Overview." *Muhon: A Journal of Philippine Architecture, Landscape Architecture, and the Designed Environment* 2, 2005, mp. 86–91.

Palatino, Mong. "Political Struggle in the 'Greater Capital Region' of the Philippines." *Manila Today*, 15 Marso 2017, https://manilatoday.net/political-struggle-greater-capital-region-philippines.

Pante, Michael D. *A Capital City at the Margins: Quezon City and Urbanization in the Twentieth-Century Philippines*. Ateneo de Manila University Press, 2019.

Quijano de Manila [pseud. Nick Joaquin]. *Language of the Streets and Other Essays*. National Book Store, 1980.

Rafael, Vicente L. *White Love and Other Events in Filipino History*. Duke University Press, 2000.

Reed, Robert. *City of Pines: The Origins of Baguio as a Colonial Hill Station and Regional Capital*. A-Seven, 1999.

---. "The Colonial Origins of Manila and Batavia: Desultory Notes on Nascent Metropolitan Primacy and Urban Systems in Southeast Asia." *Asian Studies* 5(3), 1967, mp. 543–562.

RecCreate. "Which is Better: The North or the South? (Metro Manila)." *YouTube,* 4 Agosto 2019, https://www.youtube.com/watch?v=xiyqvV5opsM.

Sapalo, Noreen H. "Whose Land is This? Constructing Counter-narratives Through Maps." *Global Ethnographic: Journal for Ethnographic Research*, w.p., https://globalethnographic.com/index.php/whose-land-is-this-constructing-counter-narratives-through-maps.

*SM Supermalls.com*. "A Guide to Superb Dining in Northern Metro Manila." 6 Marso 2020, https://www.smsupermalls.com/whats-new/north-eats-a-quick-guide-to-superb-dining-in-northern-metro-manila.

Soja, Edward W. *Postmodern Geographies: The Reassertion of Space in Critical Social Theory*. Verso, 1989.

*Spot.ph*. "'North vs South' Trends on Twitter and the East Has Had Enough." 6 Abril 2017, https://www.spot.ph/newsfeatures/humor/69817/north-vs-south-trends-twitter-a00171-20170406-lfrm.

Stone, Richard L. *Philippine Urbanization: The Politics of Public and Private Property in Greater Manila*. Northern Illinois University, 1973.

Tolentino, Rolando B. *Sa Loob at Labas ng Mall Kong Sawi/ Kaliluha'y Siyang Nangyayaring Hari: Ang Pagkatuto at Pagtatanghal ng Kulturang Popular*. University of the Philippines Press, 2001.

Yamaguchi Kiyoko. *Poblacion Houses in Cebu: Philippine Urban Architecture in the American Colonial Period*, inedit nina J. Eleazar R. Bersales at Hope Sabanban-Yu. University of San Carlos Press, 2017.